Ang gantimpala ng pagtitiis (*sabr*)

- Sinabi ni Imam al-Sadiq (*'a*): "Sinuman sa mga nananampalataya ang makapagtiis sa pagsubok na kanyang mararanasan ay makakatamo ng gantimpala ng isang libong martir." [Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 2, *bab al-sabr*, *hadith* # 17]
- Sinabi ni Imam al-Sadiq (*'a*): "Kapag ang nananampalataya ay nasa loob ng kanyang libingan, ang *salat* (pagdarasal) ay nasa kanyang kanang kamay, ang *zakat* ay nasa kanyang kaliwang kamay, at ang kabutihan (*fadilah*) ay kanyang kaharap habang ang *sabr* ay nagbibigay proteksyon sa kanya. Sa pagdating ng mga anghel na magtatanong sa kanya, sasabihin ng *sabr* sa *salat, zakat* at kabutihan, "Kayo na ang bahala sa inyong kasamahan, at kapag hindi ninyo makayang tulungan siya ako ang bahalang tutulong sa kanya"." [Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 2, *bab al-sabr*, *hadith* # 8]

Isang payo kung paano magkaroon ng *sabr*

Ang mundong ito ay bilangguan para sa isang nananampalaya. Siguraduhin na ang iyong lakas ay nasa ilalim ng iyong pamamahala, at maging matatag at mapagtiis maging sa hirap at ginhawa. Sa pamamagitan ng lakas at katatagan ng loob, iyong harapin ang mga kagipitan at sakuna. Unawain na ang iyong pagkabalisa at pagdadalamhati, maliban sa nagdudulot ng isang malaking kadustaan, ay walang kabuluhan sa paghaharap sa mga kahirapan at sakuna. Magpasalamat sa Panginoon at huwag magdaing sa kapwa-tao tungkol sa mga di-mapigilang pasiya at tiyak na itatadhana ng Panginoon. Sa panahon ng kahirapan, ihandog ang iyong puso sa pinagmumulan ng Lubos na Kaganapan (Allah) at iyong masasaksihan ang mga epekto nito dito mismo sa mundo at ang iyong puso ay makakatamo ng kalawakan na magiging daigdig ng katunayan ng pagkasoberano ng Panginoon. Pagkatapos, ang kaluguran at kapanatagan ay mamayani sa iyong puso sa paraan na ang bawat bagay na may kaugnayan sa mundo ay magiging walang halaga sa kanya. Ang *sabr*, pagtitimpi at kahinahunan ay nagdudulot ng maraming gantimpala at may mga magaganda at dakilang anyo sa purgatoryo (*barzakh*). Kapag mayroon kang tunay na paniniwala sa Allah na sa Kanya nakasalalay ang lahat ng bagay, hindi ka magdaing sa Kanya tungkol sa mga kahirapan ng buhay at kasawiang-palad na iyong tinatamasa. Sa halip, kusang-loob mong harapin ang mga ito, gampanan ang iyong mga tungkulin at pasalamatan Siya dahil sa Kanyang mga biyaya. [Hango sa Al-Khumayni, *Forty Hadith*, kabanata 16, '*Sabr*']

Konklusyon:

- Sinabi ni Imam 'Ali (*'a*): "Sinumang mapagtiis ay tiyak na magtatagumpay kahit pa man hindi niya ito kaagad matatamo." [*Nahj al-Balaghah*, Kasabihan # 153]

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa awtentikong Islam, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v.01

At maging mapagtiis at mapagtiyaga dahil ang Allah ay para sa mga taong nagtitiyaga.
(Qur'an, 8: 46)

Sinabi ni Imam Ja'far al-Sadiq (*'a*):
"Sa katotohanan, para sa pananampalataya ang *sabr* ay katulad ng ulo para sa katawan. Hindi mabubuhay ang katawan kapag walang ulo, at gayundin, mawawala ang pananampalataya kapag wala ang *sabr*."
[Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 2, *bab al-sabr*, p. 128, *hadith* # 2]

Mga Kabutihan ng Kaluluwa...

Pagtitiis
(*sabr*)

Nang tanungin si Imam 'Ali (*'a*) tungkol sa paniniwala (*iman*), kanyang sinabi: "Ang balangkas ng *iman* ay itinataguyod ng apat na haligi: pagtitiis (*sabr*), pananalig (*yaqin*), katarungan (*'adl*), at pakikibaka (*jihad*)." At kanya pang sinabi: "Ang pagtitiis ay binubuo ng apat na katangian: kasabikan, takot, kabanalan, at pag-aasam (sa kamatayan). Kaya, sinumang sabik sa paraiso ay hindi papansin sa mga masamang tentasyon; sinumang takot sa apoy ng impiyerno ay iiwas sa mga kasalanan; sinumang banal ay maging matagumpay sa pagharap ng mga kahirapan at suliranin ng buhay sa mundo; at sinumang umaasam sa kamatayan ay kaagad na gagawa ng mga kabutihan."
[Al-Amidi, *Ghurar al-Hikam wa Durar al-Kalim*, *hadith* # 2897]

Ang kahulugan ng *sabr*

❑ Sinabi ng bantog na pantas na si Nasir al-Din al-Tusi: "*Sabr* ay nangangahulugan ng pagpigil sa sariling mabalisa kapag may naranasang di kanais-nais."

❑ Ang magiting na mistikong (*'arif*) si Khwajah 'Abd Allah al-Ansari ay nagsabi: "Ang ibig sabihin ng *sabr* ay pagpigil sa sariling magreklamo tungkol sa dalamhating kinikimkim."

Ang mga uri at antas ng *sabr*

Mayroong iba't-ibang uri at antas ng *sabr* ayon sa nakasaad sa mga banal na *hadith* at ang gantimpala at katangian ay naaayon sa uri at antas nito.

❑ Ayon kay Imam 'Ali (*'a*), sinabi ng Propeta ng Allah (*s*): "Ang *sabr* ay may tatlong uri: *sabr* sa panahon ng kalungkutan, *sabr* hinggil sa pagsunod (sa mga kautusan ng Allah), at *sabr* hinggil sa pagsuway (sa mga kautusan ng Allah). At ang ikatlo ay mas mahalaga kaysa dalawa." [Al-Kulayni, *al-Kafi*, tomo 2, *bab al-sabr*, *hadith* # 15]

❑ Sinabi ni Imam 'Ali (*'a*): "Ang *sabr* ay may dalawang uri: *sabr* sa kung ano ang ayaw mo at *sabr* sa kung ano ang gusto mo." [*Mizan al-Hikmah*, *hadith* # 10099]

Ang ugnayan sa pagitan ng *sabr* at *ma'rifah* sa Allah

❑ Habang ang tao ay may lihim na pagdadalamhati sa mga kasawiang-palad at kahirapan ng buhay, ang kanyang *ma'rifah* (kaalaman) sa Panginoon ay nananatiling hindi sapat. Kapag ang tao ay may kapanatagan (*rida'*) at kaluguran sa sarili sa kabila ng mga kasawiang-palad at kahirapan, siya ay makakarating sa higit pang mataas na katayuan ng kalapitan sa Panginoon. Ang *sabr* sa pag-iiwas sa mga kasalanan at pagtupad sa mga tungkulin (*ta'ah*) ay may kinalaman sa hindi sapat na kaalaman sa mga lihim ng *'ibadah* (pananampalataya) at sa makakabilang-buhay na mga anyo ng mga pagkakasala at pagsusunod.

❑ Kapag ang tao ay taos-pusong naniniwala na ang kanyang matatamo sa kabilang buhay ay isang anyo ng kanyang mga gawain sa mundo, wala siyang pagkabahala habang dumaranas ng mga paghihirap at masamang katayuan. Sa halip, siya ay magagalak sa mga kahirapang mararanasan sa pagtupad ng mga tungkulin sa Panginoon. Ang kanyang kasiyahan ay higit pa sa pagdadalamhati ng mga karaniwang tao. Ang kanyang ugnayan sa Panginoon ay nagiging mas matatag sa mga panahon ng kagipitan. Isang halimbawa ng naturang mataas na antas ng *rida'* ay naipamalas ng mga kasamahan ni Imam Husayn (*'a*) sa Karbala.

❑ Sinabi ni Imam Rida (*'a*): Isa sa mga payo ng Propeta (*s*) kay Abu Dharr (*r*) ay ito: "Kapag makaya mong gumawa ng isang bagay para sa kaluguran (*rida'*) ng Allah nang may matatag pananang alig, gawin mo ito. At kapag hindi mo ito makaya, pagtiisan na lang ang mga hindi kasiya-siyang bagay dahil ito ay magdudulot ng maraming biyaya." [Al-Majlisi, *Bihar al-Anwar*, tomo 82, p. 136, *hadith* # 21]

Ang mga magandang bunga ng *sabr*

❑ Ang *sabr* ay may mga magagandang bunga kabilang na ang pagsasanay at pagdisiplina sa sarili. Kapag ilang beses na mapagtiisan ng tao ang mga kasawiang-palad at sakuna, at talagang makatiis sa mga kahirapang dulot ng pagdasal at pananampalataya, at ang kapaitan ng pagtalikod sa mga bisyo, at kapag ang lahat ng mga ito ay mapagtiisan dahilan sa pagsunod sa kanyang Panginoon at Tagapagkalinga, unti-unting maging mas madali sa kanyang pagtiisan ang mga kahirapan at kasawiang-palad. Tatalikuran ng taong mapagtiis ang kanyang naunang kawalang-pasensiya at magkakaroon siya ng isang tatagal na kahanga-hangang kakayahan na magiging dahilan na kanyang matatamo ang mga katayuang higit pa sa katayuan ng *sabr*. Ang pagtitiis habang itinatagubilin ang mabuti at ipinagbabawal ang masama (*amr bi'l-ma'ruf wa nahi 'an'il-munkar*) ay naghahandog ng karagdagang katatagan at katibayan sa tao.

❑ Pagdadalamhati, pagkabahala at masamang mga kilos sa panahon ng pagkahikahos, kamatayan, kalamidad, atbp. ay mga simbolo ng kahinahan ng loob. Inaalis ng mga ito ang katatagan at dignidad sa personalidad ng tao, at nagpapahina sa determinasyon at isipan. Sa ganoong mga panahon, ang *sabr* ay nagsisilbing susi ng mga pintuan ng magandang kapalaran at kaligtasan. Pinapalakas nito ang kalooban at pasiyang harapin ang mga sakuna, at magkaroon ng wastong pasiya at hakbang.

❑ Ang *sabr* hinggil sa mga kasalanan ay nagdudulot ng *taqwa* (takot sa Panginoon). Ang *sabr* hinggil sa pagsunod (*ta'ah*) ay nagdudulot ng kalapitan at pagmamahal sa Panginoon. At ang *sabr* sa mga kasawiang-palad ay nagdudulot ng *rida'* sa mga pasiya at itinatadhana ng Panginoon.

Ang mga mataas na antas ng *sabr*

❑ *Sabr fi'llah (sabr* sa Allah): Ito'y nangangahulugan ng katatagan habang sinisikap na talikuran ang mga masamang bisyo (halimbawa, pagsisinungaling, paninirang-puri at kasakiman) at asal (halimbawa, egoismo, pagpapakitang-tao at inggit) at iniiwasan ang mga bagay na gusto at nakakaakit (halimbawa, pag-iwas sa mga musikang *haram*, paggising upang isagawa ang *tahajjud*, at pagkain nang katamtaman lamang) habang dinadalisay ang sarili. Ito ang pagkakait sa sarili sa landas ng Minamahal (Allah). Ang antas na ito ay nararapat sa mga manlalakbay espirituwal (*ahl al-suluk*).

❑ *Sabr ma'a'llah* (*sabr* kasama ang Allah): Sa kanyang taimtim na pananampalataya at pakikibaka ang masigasig na manlalakbay sa landas ng Allah ay nakakaranas ng katayuan ng pagkalimot sa sarili sa paraang madalas siyang makaranas ng pagiging malapit sa Panginoon. Ang ilaw ng Kanyang mga Katangian at Pangalan ay magbibigay liwanag sa kanyang puso at pananaw. Dapat siyang magtiis at bantayan ang sarili mula sa mga maliliit na palatandaan ng pagmamahal sa sarili, kayabangan, atbp. sa mga yugtong ito upang marating ang mas mataas pang mga antas.

❑ *Sabr 'an'illah* (*sabr* mula sa Allah): Ito'y may kinalaman sa mga katayuan ng mga nagmamahal sa Allah na nararapat na bumalik sa kanilang pisikal na mundo at tiisin ang paghihiwalay sa Kanya pagkatapos nilang maranasan ang Kayang lubos na pagmamahal. Ito ang pinakamahirap na katayuan. Ang mataas na antas na ito ng *sabr* ay ipinahiwatig ni Imam 'Ali (*'a*) sa tanyag na *Du'a Kumayl*: "O Allah, ang aking Panginoon at Poon! Kahit pa man matiis ko ang mga kaparusahan, paano ko matitiis ang paghihiwalay sa Iyo?!"

❑ *Sabr bi'llah* (*sabr* pasa sa Allah): Ito ang katayuan ng kaganapan na nararanasan ng tao kapag kanyang natamo ang katayuan ng pagkabuhay para sa Allah lamang (*baqa' bi'llah*) at sinasanay ang sarili sa mga pamamaraan ng Allah (*takhalluq bi akhlaq Allah*). Ito ay para sa mga taong pinagkalooban ng katatagan at katibayan, at ito ay natatamo pagkatapos ng *sabr* kasama ang Allah.